**Salaysay ni Gng. Delia A. Tulagan**

Delia Asis Tulagan, 57 taong gulang, balo, isang magsasaka at Barangay Kagawad sa Barangay Tanawan, Capalonga, Camarines Norte.

*(Ang panayam kay Gng. Delia A. Tulagan ay naganap noong ika-31 ng Hulyo taong 2018 sa Capalonga, Camarines Norte. Ito ay inilahad kina Atty. Hasminah D. Paudac at Gg. Mohamad Rayyan M. Domado.)*

**Q1: Maaari niyo bang ikwento paano kayo nagsimulang magsaka?**

A1: Nang sumakabilang-buhay ang nanay ko at iniwanan kaming magkakapatid ng aming tatay, nagsimula akong magsaka. Mga sampung taong (10) gulang ako noong panahong iyon.

Sumama ang tatay ko sa ibang babae at naibenta niya ang palayan namin. Nakitira kaming magkakapatid sa aming lola, ngunit dahil masungit siya, napilitan kaming umalis. Pumunta ako sa tiyahin ko. Hindi ko alam kung saan pumunta ang mga kapatid ko, kaya nagkawatak-watak kami. Tumulong ako sa tiyahin kong magsaka hanggang 16 na taong gulang ako. Nagsasaka kami ng aking tiyahin simula 7:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon, at mula Lunes hanggang Biyernes. Sa aking pagsasaka, binabayaran ako ng ng 75 sentimos bawat araw.

Naglayas ako muli nang pinilit ako akong magpakasal sa lalaking hindi ko gusto. Sumama ako sa taong mahal ko at ikinasal kami noong 1976. Binigyan kami ng tatlong ektaryang lupa ng mga magulang niya at diyan namin ipinagpatuloy ang pagsasaka. Gumagawa kami ng danawan na taniman ng mga palay, at nagtatanim na kami ng niyog.

**Q2: Sa tagal ninyong pagsasaka, mayroon bang pagkakaiba ang pagsasaka noon at ngayon?**

A2: Matataba talaga ang lupa at napakalawak ng danawan noon. Maganda at marami kaming naaaani na iba't-ibang uri ng palay. Hindi kami gumagamit ng pataba at maganda ang mga ani. Nang lumala ang pagsisira ng kagubatan at nakakalbo na ang mga kabundukan noong*1980s*, nagbabago-bago na ang klima, at nagkakaroon na ng problema ang danaw namin. Hindi na maganda ang pananim namin kaya nag-umpisa kaming gumamit kami ng pataba.

**Q3: Bakit hindi na maganda ang naaani ninyo?**

A3: Dahil yata sa klima na sobrang init. Noon, nakakaya ko pang magtanim buong araw. Ngayon mga dalawang oras lang kami nagsasaka kasi pagkapatak ng 10:00 ng umaga, hindi ko kaya ang init.

**Q4: May pinagkaiba ba ang panahon ng inyong pagtatanim at pag-ani noon at ngayon?**

A4: Wala naman. Dalawang panahon ng pagtatanim at pag-ani (o *cropping*) ang sinusunod namin. Ang unang panahon ay Enero tapos sa katapusan ng Marso hanggang Abril ang aming pag-aani. . Ang pangalawang panahon ay sa Hulyo at sa Oktubre kami nag-aani.

**Q5: Anong ginagawa ninyo sa Mayo at Hunyo, at sa Nobyembre at Disyembre?**

A5: Sa Mayo at Hunyo, hindi kami nagtatanim dahil ang lugar na pinagtataniman namin ay siyang pinagbubulukan ng pananim. Hindi rin kami pwedeng magtanim ng Nobyembre at Disyembre dahil malakas ang hangin sa mga panahong ito at mamamatay lang ang pananim.

**Q6: Gaano kalaki ang taniman ninyo?**

A6: Ang aming palayan ay mga 1/2 ektarya. Ang 2 ½ na ektarya ay tinataniman namin ng saging at niyog.

**Q7: Anong pagkakaiba ng palay noon at ngayon?**

A7: Noon, malulusog, mabeberde at magaganda ang dahon ng mga palay. Ngayon, naninilaw na ang mga ito. Kung hindi namin lagyan ng pataba, hindi magiging malusog ang mga palay.

**Q8: May pagbabago ba ang inyong pag-aani?**

A8: Noong taong 2010, nakakaani kami ng 60 na kaban sa dalawang panahon ng pagtatanim at pag-aani.Ngayong taong 2018, umaani kami ng 20 hanggang 25 na kaban na lang. Bale, mga 50% na ang nawala.

**Q9: Kumusta naman ang inyong niyugan? May pinagkaiba ba noon at ngayon?**

A9: Nagsimula kaming magtanim ng niyog noong 1980. Mga 200 na buko ang nakukuha namin. Ginagamit naming pang-kopra ang mga niyog. Binibenta namin ng tatlong piso (P3) ang bawat niyog. Ngayon, mahirap magpalaki ng niyog sa sobrang init. Ang lupa nagbibitak dahil sa sobrang init. Nahihirapang mabuhay ang niyog at natutuyo ang mga dahon. Mga 30% ang nawawala sa dating kita naming dahil kumokonti ang bunga ng niyog.

**Q10: Ano ang personal na epekto sa inyo ng matinding init?**

A10: Ang matinding init ang nagpapahirap sa amin kasi natutuyo ang sapa kung saan nakadepende ang pananim namin. Dahil kulang o lumiit ang pananim, lumiit ang kita namin at kinukulang ang pang-suporta sa gastusin sa bahay at pagpapa-aral ng aming anak.

**Q11: Mayroon po ba kayong karanasan sa matinding bagyo?**

A11: Oo. Tinangay ng bagyong Rosing noong 1995 ang bahay namin. Sahig at haligi lang natira sa amin. Naubos lahat ng aming pananim. Mga tatlong araw iyon. Kami ay pansamantalang tumira sa paaralan.

**Q12: Gaano kalaki ang napinsala sa inyo?**

A12: Mga 25%. Sa awa ng Diyos, naikumponi namin ang bubong ng bahay tapos naisalba ang mga ibang gamit. Mga isang linggo kaming naglinis din sa bahay kaya nahirapan talaga kami. Tapos sa pananim, nag-umpisa na naman kami magbukas ng taniman.

**Q13: Paano kayo nakabangon?**

A13: Habang wala kaming nakukuha sa mga niyog namin, nagpapalaki kami ng baboy, nagtayo kami ng maliit na tindahan at pinasukan yung pagkakalabaw.

**Q14: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?**

A14: Opo.



August 15, 2018